

## Ano ang kahihinatnan nito?

Kung may reklamong makatarungan, o may isang ulat na kritikal laban sa isang ahensiya, ang IGIS ay kailangang magsangguni sa pinuno ng ahensiya at sa responsibleng Ministro.

Ang IGIS ay maaaring magrekomenda na pag-isipang-muli o palitan ng isang ahensiya ang desisyon, mga patakaran at pamamaraan nito o magbayad pinsala sa anumang pagkalugi na naging bunga ng mga desisyon o aksyon nito.

Kahit na ang mga Ministro o ahensiya ay hindi sapilitang susunod sa payo ng IGIS, kadalasan sila ay sumusunod nito. Ang IGIS ay maaaring mag-ulat sa Punong Ministro at ang Parliyamanto kung hindi ito masaya sa pagkatrato ng mga Ministro at ahensiya sa

## Paano kayo makikipag-ugnayan sa IGIS?

Walang babayaran o pormal na proseso sa paghain ng reklamo, ngunit kadalasang ipinasusulat ito sa inyo at magbigay ng kompletong impormasyon.

Kung gusto ninyong maghain ng reklamo, maaari kayong tumawag sa telepono o sumulat sa IGIS (tingnan ang mga detalye ng pakikipag-ugnayan sa kabilang pahina).

Lalong nararapat na ang mga reklamo ay gagawin sa Ingles.

Maaari din kayong makipag-ugnayan sa IGIS sa pamamagitan ng e-mail, ngunit dahil sa mga kadahilang pangseguridad maaaring padalhan na lamang kayo ng mga sulat sa pamamagitan ng koreo.

May dagdag na impormasyon tungkol sa mga gawain ng IGIS ang makukuha sa aming website:  
[www.igis.gov.au](http://www.igis.gov.au)



# PAGHAHAIN NG REKLAMO TUNGKOL SA MGA AHENSIYANG PANG-INTELIHENSIYA AT PANGSEGURIDAD NG AUSTRALYA

## MGA DETALYE NG MATATAWAGAN

Inspector-General of Intelligence and Security  
PO Box 6181  
KINGSTON ACT 2604

Telepono: 02 6271 5692  
Faks: 02 6271 5696  
E-mail: [info@igis.gov.au](mailto:info@igis.gov.au)  
Website: [www.igis.gov.au](http://www.igis.gov.au)

## Sino ang IGIS?

Rerepasuhin ng Inspektor-Heneral sa Intelihensiya at Seguridad ang mga gawain ng mga ahensiyang pang-intelihensiya at pangseguridad sa Australya:

- Australian Security Intelligence Organisation (ASIO)
- Australian Secret Intelligence Service (ASIS)
- Defence Signals Directorate (DSD)
- Defence Imagery and Geospatial Organisation (DIGO)
- Defence Intelligence Organisation (DIO), and
- Office of National Assessments (ONA).

Ang IGIS ay isang malayang kawani na hinirang ng Gobernador-Heneral. Ang IGIS ay lubos na hiwalay sa lahat ng mga ahensiya.

**Ang kasalukuyang IGIS ay si Ginoong Ian Carnell na hinirang noong Marso 2004.**

## Ano ang ginagawa ng IGIS?

Ayon sa *Inspector-General of Intelligence and Security Act 1986*, ang IGIS ay nagbibigay ng malayang katiyakan sa Pamahalaang Australya, sa Parliyamanto at sa komunidad na ang mga ahensiya ay:

- gumagawa ng kanilang mga hakbangin sang-ayon sa mga batas Australyano
- kumikilos ng may kagandahang asal
- sumusunod sa mga gabay at direktiba ng ministro, at
- gumagalang sa karapatang-pantao .

Ang IGIS ay:

- regular na bibisita sa mga ahensiya upang **suriin ang kanilang mga ulat**
- sumasagawa ng **mga natatanging pagsusuri** sa mga gawain ng mga ahensiya
- nag-iimbestiga ng **mga reklamo** laban sa mga ahensiya, at
- **nag-uulat** ng mga resulta ng mga pagsusuri sa mga Ministro, Punong Ministro at sa Parliyamanto.

## Paano kayo matutulungan ng IGIS?

Maaari kayong maghain ng rekalamo laban sa mga ahensiyang nagkakalap ng intelihensiya - ASIO, ASIS, DSD o DIGO.

Kahit na may mahigpit na patakaran sa pagsesekreto (halimbawa: mga pagtatanong at utos na pagdedetenido ng ASIO) maaari pa rin kayong magbigay ng impormasyon sa IGIS kung kayo ay maghahain ng reklamo.

Ang IGIS ay maaaring mag-iimbestiga sa mga reklamo tungkol sa isang hanay ng maaaring maling nagawa katulad ng:

- labag sa batas na pakikinig ng mga telepono
- hindi nararapat na pagmamamanman
- hindi nararapat na pag-aasal habang nanghahalughog
- mga maling kagawian sa pag-empleyo ng tauhan
- mga pagkakaantala sa pangseguridad na pagtatasa sa bisa, at
- pamamahala sa mga aplikasyon upang makapasok sa mga imbakan ng impormasyon.

Ang **IGIS ay hindi nakakaimbestiga** ng mga reklamo laban sa Australian Federal Police o sa mga opisyal ng imigrasyon. Ang **Commonwealth Ombudsman** ay maaaring makatulong sa mga kasong ito.

## Lahat ba ng mga reklamo ay iniimbestigahan?

Bago iimbestigahan ng IGIS ang isang reklamo, titingnan:

- kung ang kasong inireklamo ay kinakasangkutan ng isang ahensiyang pangseguridad o pang-intelehensiya
- kung kailan nangyari ang inireklamo
- kung ang ahensiyang nasasangkot ay mayroon o gumagawa na ng sarili nitong pagsusuri
- kung mayroong iba na makapagsusuri ng mas mahusay sa kaso, at
- kung ang kaso ay talagang seryoso para maimbestigahan

## Ano ang mangyayari kung kayo ay maghahain ng reklamo?

Ang inyong reklamo ay susuriing mabuti.

Ang IGIS ay may malawak na kapangyarihan upang mangalap ng impormasyon at kayang:

- mag-utos sa tao upang sumagot sa mga tanong at magbigay ng mga kinakailangang dokumento
- kumuha ng mga sinumpaang ebidensiya at
- makapasok sa mga opisina ng mga ahensiyang pangsegurid at intelihensiya

Kung ang naunang pagsusuri ay maliit o walang kahalagahan, sasabihan kayo ng IGIS sa loob ng ilang linggo.

Kung kinakailangan ng kompletong pagsusuri, ang pag-iimbestiga ay matatagalan depende kung gaano karami ang mga bagay na titingnan at gaano karami ang mga taong kakapanayamin.

**Ang mga pag-iimbestiga at pagtatanong ng IGIS ay ginagawa ng pribado** dahil mahigpit sila sa mga usapin tungkol sa pambansang seguridad.

Maliban kung may mga natatanging kadahilanan, normal na ipaalam sa ahensiyang kasangkot ang reklamo laban sa kanya para masagot nito ang mga paratang.

Gayunman, anumang pag-uulat sa publiko katulad ng taunang ulat sa Parliyamanto, ay karaniwang hindi nilalagyan ng pangalan ng nagreklamo.